


# ANG AKING MANUNUBOS AY NABUBUHAY

 Isang pagbati ng Pasko ng Pagkabuhay sa inyong lahat, sa umagang ito. Nagagalak ako na makaparito, sa araw na ito, sa tabernakulo, sa dakilang panahon na ito ng pag-aalaala sa Pagkabuhay. Pinagkalooban tayo ng Panginoon ng magandang araw para sa pagsamba na ito. At narito tayo sa umagang ito sa paggunita sa dakilang kaganapang ito na nangyari kailanman sa buong mundo, ang pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus. Siya'y katangi-tangi sa Kanyang kamatayan, haya't ang mga tao'y namamatay din naman, pero ni minsan ay walang tao na bumangon mula sa kamatayan maliban sa Kanya. At diyan po nakalagak ang ating mga pag-asa sa umagang ito, sa pagkabuhay na mag-uli ng ating Panginoon.

<sup>2</sup> Sa pagparito ko po, sa umagang ito, sa paglakad ko rito sa gitnang pasilyo, huminto po ako nang ilang sandali sa gitna para tumingin. Tiningnan ang mga tagapakinig, at naisip ko, “Sa sobrang agang ito, ngayong umaga, narito na ang mga tao, na sadya ngang nananabik, na makaparito at makapakinig sa mga Salita na binabasa, at mga himno na inaawit. At isa itong pag-alaala sa Siya na Iyon na humahawak sa ating mga buhay sa Kanyang kamay sa oras na ito.” Naisip ko nga ang mga mukha na lagi ko noong nakikita sa mga maagang umagang gaya nito, maraming taon na rin ang nakalipas. Nakahimlay sila sa mga sementeryo sa palibot dito, naghihintay sa kaganapan na 'yun ng kanilang pagkabuhay na mag-uli.

<sup>3</sup> Habang iniisip ko 'yun, hayon nga't, dumating sa atin ang isang kaisipan na ito, na, ngayon sa pagparito natin. Di natin alam kung anong oras tayo kukunin patungo sa dakong 'yun kung saan—kung saan sila nakalagak sa umagang ito. At kaya naman, habang isinasaalang-alang 'yan, ano kayang mga uri ng tao tayo dapat, at papaano natin tutugaygayin ang pagkabuhay na mag-uling ito sa oras na ito?

<sup>4</sup> Sa Aklat po ni—ni Job, sa ika-10 . . . ika-19 na kabanata at sa ika-25 talata, heto ang munting mga Salita rito.

*... Talastas ko . . . ang aking manunubos ay nabubuhay . . .*

<sup>5</sup> Ang mismong propesiya ni Job at kanyang mga pahayag, matapos na makita niya ang mismong araw na ito na dahilan ng ating pagsamba sa panahon ngayon, na sama-sama tayong sumasamba, itong pagkabuhay na mag-uling ito.

6 Ako po'y, bumibiyahе sa iba't ibang dako ng mundo, at marami na akong nakitang iba't ibang uri ng relihiyon, at iba't ibang mga antas ng pagsamba, na haya't kakain ng masyadong maraming oras, kung iisa-isahin, para subukan na ipaliwanag ang iba't ibang kakaibang katangian ng mga relihiyon dito sa mundo.

7 Pero, ngayon, yamang nalalaman natin na narito sa mismo nating harap ang dakilang araw na ito, at tayo'y nagkakatipon dito, sa umagang ito, para lamang sa maagang pagsamba na ito sa umagang ito sa ilang sandali. Tayo'y magsisibalik sa ating mga tahanan, at babalik dito, gaya ng inaasahan natin sa araw na ito, na isang gawain para sa pagpapagaling.

8 Hindi pa tayo nakakapagdaos ng ganito't nasa mga dalawa o tatlong beses pa lang yata, mula nang tayo'y—tayo'y . . . nasa mga gawain. Dahil, kalimitan, dito po sa tabernakulo at sa palibot, para sa mga taga-rito, ang pahid po ng Espiritu Santo ay mistula bang di Ito diretsong dumarating, sa dako rito, dahil na rin sa tahanan natin dito. Minsan na 'yung nangyari, at doon po 'yun sa Jeffersonville High School; at tapos minsan din 'yun dito sa tabernakulo.

9 At mula po nung gumising ako ngayong umaga . . . Mukha pong medyo atrasado ang pagparito ko, pero may dahilan po 'yan. Ako'y gising na, nang maagang-maaga, at naghihintay.

10 At ako'y sadyang naniniwala na kumakaharap tayo sa isa ngang dakilang gawain sa araw na ito, dito sa pagpapagaling na gawain. At sa mga kalalakihan, bibigyan natin ang mga tao ng mga cards ngayon, at ipapamahagi nila ang mga ito ngayong umaga ng alas nuwebe, para sa paparating na pagpapagaling na gawain. Naniniwala po ako na bibigyan tayo ng Panginoon ng isang mapagbunying panahon.

11 Kaya, sasamba tayo sa Kanya sa pananalangin at awitin, at sa pangungusap ng Salita, at pagkatapos susubukan natin na matapos ito ngayong, umaga, ng alas siyete, kung maaari, para ang bawat isa'y makabalik pa't may sapat na oras pa sila para makapaghandang para sa susunod na gawain.

12 Ang mga prayer card ay ipapamahagi ng mga alas nuwebe, para hindi makagambala sa iba pang mga bahagi ng gawain.

13 Tapos, sa gabi, hayan nga, may gawain ng pagbabautismo, rin. Umaasa kami na lahat po kayo ay makadalo sa mga ito, sa mga baguhan po sa aming pintuan, at sa iba pa. Nagagalak po kami na nakasama kayo sa umagang ito, na maantabayanan ang pagbubukang-liwayway na gawaing ito, at heto nga na ang tabernakulo ay napuno.

14 Ngayon, kung dadako tayo sa iba't ibang kaisipan, ngayon, dito sa mga relihiyosong mga pagsambang iba. Sa maraming dako, sinasamba nila ang kanilang mga ninuno na mga nauna na. Halimbawa, kung pupunta tayo sa Tsina ngayong umaga,

at ipangungusap ang Salita ng Diyos, o sa bansang Hapon, sila nga'y malilito kung aling diyos ang tinutukoy mo, dahil, bawat isang tao na mamamatay sa kanila, ay itinuturing nilang diyos pagkatapos na mamatay ang taong ito. At kung dadako naman tayo sa lugar ng mga sumasamba kay Buddha, o sa iba pa, sa mga Mohammedan, di sila naniniwala na si Cristo ay nabuhay mula sa patay. Hindi nga rin sila naniniwala na namatay siya. Ang sabi nila, "Sumakay siya sa isang kabayo at nangabayo at nagpunta ng Langit."

<sup>15</sup> Pero, ngayon, taglay nga natin mismo ang Katotohanan at ang Liwanag ng Buhay. Walang pagdududa sa isip ko, ngayon, bilang isang-isang mangangaral ng Ebanghelyo ng sangka-Cristianuhan. Wala ngang kahit anong pagdududa sa isip ko, ni anino man ng pag-aalinlangan, na anupa't tahasan na taglay natin ang natatakan na Katotohanan. Na haya't ang ibang mga relihiyon ay ayos lang naman, pero ang taglay-taglay natin ay Katotohanan.

<sup>16</sup> Kung mapapansin natin, ngayon, heto nga't, pagmasdan natin ang mga panahon. Tunay na ang dakilang Diyos ng Langit, na Siyang naglalang ng buong kalangitan at lupa, ay itinakda. . . Kung makikita n'yo ang pamamaraan ng takbo ng Kanyang pag-iisip, kung papaanong may taglagas Siya para sa taon, ang kamatayan; pagkatapos may tagsibol din ng taon, ang pagkabuhay na mag-uli. Para magkamit. . . kinakailangan mo munang mamatay, para magkamit ng pagkabuhay na mag-uli.

<sup>17</sup> Sa pamamagitan nga lagi ng kamatayan na ang Buhay ay naihatid. Nabubuhay kayo sa pamamagitan ng kamatayan. Huminto na ba kayo minsan para isipin, na ang sangkatauhan ay nabubuhay sa pamamagitan ng kamatayan? Kinakailangan na may mamatay nang sa gayon kayo ay mabuhay; pagkain. Buhay ng halaman, buhay ng hayop, lahat namamatay. At sa pamamagitan ng kamatayan na 'yan, nakakakain tayo ng pagkain. At sa pagkain na 'yan na kinakain natin, 'yang patay na bahaging 'yan ng kung ano, ang nagbubunsod ng buhay na mga selula ng dugo na lumitaw sa loob ng katawan natin. Kaya nabubuhay lamang tayo, at lumalaki, at humihinga, at kumakain, sa pamamagitan ng buhay, at ngayon. . . at sa pamamagitan ng kamatayan. At kinakailangan nga natin ng kamatayan nang sa gayon makapagbunsod ng buhay, siyanga.

<sup>18</sup> Ngayon, itong mensaheng ito na binasa sa atin, sa umagang ito, tinatawag nga natin itong dakilang atas, dahil ito ang huling atas na ibinigay ng Panginoon sa Kanyang mga alagad. "Na magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, at ipangaral ang maluwalhating, mabuting balita na ito ng pagkabuhay na mag-uli, sa buong sanlibutan, bilang pagpapatotoo." At pagkatapos Siya'y babalik. At, hayan din na, "Ang mga tanda at mga kababalaghan na ito ay lalaking sa Mensahe na ipangangaral."

<sup>19</sup> At ngayon, sa buong bansa, masusumpungan natin maging sa relihiyong Cristiano, na masusumpungan natin ang mga tao sa Amerika, marami sa kanila, na may kaakibat na mainam at angkop na paggalang dito, na sinisikap nating makasumpong ng malalaking mga simbahan, at mga katedral, at maiinam na mga programa, at iba, pa. Na sa Pasko ng Pagkabuhay na ito, ngayon, na ang mga naglalakihang mga simbahan at mga krus ay napupunasang maigi para sa mahalagang gawain na ito ng Pasko ng Pagkabuhay. At ngayon, literal na makasampu't makailang libo't milyun-milyon na dolyar ang ginugugol para sa mga Pagkabuhay na bulaklak at iba pa, na ipupuwesto sa mga altar, para palamutian ang naglalakihang mga simbahan na ito't mga katedral na mayroon tayo sa panahon ngayon.

<sup>20</sup> At sa Roma, ang pinuno ng iglesyang Katoliko, doon nga'y kanilang. . . sa malaking morgeng 'yun, sa Saint Peter's, kung saan nakalibing ang mga patay. Gustung-gusto nilang sabihin, diyan sa iglesyang Katoliko, na, "Kamit namin ito, dahil nasa amin ang katawan ni Santo Pedro, na nakalibing dito. Nasa amin ang mga katawan ng iba't ibang mga apostol, at disipulo, at mga dakilang tao na namatay at heto. . . Ang mga katawan nila ay nakalibing dito sa amin." At talagang mataas ang tingin nila riyon na akala mo nama'y isang maipagmamalaking dangal 'yun sa antas ng relihiyon nila, na nasa kanila raw ang Diyos.

<sup>21</sup> Pero lagi ko ngang pinagdidiinan ito, mga kaibigan, na ang mga bagay na 'yan ay walang kabuluhan. Wala po. Kahit sino namang tao'y maaaring mamatay at mananatiling nakahimlay sa lupa. Pero Siya na nagbangon mula dun sa libingan na 'yun ang atin ngang sinasamba ngayon, na buhay, nagbangong muli, na umakyat na Panginoong Jesus na buhay ngayon. Maraming mga tao nga ang maaaring mamatay.

<sup>22</sup> Nung nakaraang Biyernes, may mga tao na nakaluhod na gumagapang sa kanilang tuhod, paakyat dun sa mga baitang ng hagdan sa Vatican. At maraming mga tao ang nagsipunta at ginunita ang kamatayan, na isang. . . isang dakila't masalimuot na bagay na nangyari kay Cristo. Pero kinakailangan nga Niya na gawin 'yun nang sa gayon mapatunayan na Siya si Cristo.

<sup>23</sup> Pero ang araw ngang ito ang araw, na ang pagkabuhay na mag-uli, tinatakan na nito ito magpakailanman. Ngayon hindi na Siya patay. Siya'y buhay, ngayon, nabubuhay sa bawat puso at bawat tao.

<sup>24</sup> Ang mga tao nung unang panahon, mangyaring nakatingin sila rito sa araw na ito, itong mga matatandang mga patriyarka sa Biblia; sina Abraham, Isaac, Jacob, Job. Marami sa mga matatandang patriyarka na ito'y nakatingin sa panahon na 'yun na si Cristo ay babangon mula sa patay.

<sup>25</sup> Naiisip ko nga si Job, ito pong pinanggagalingan ng binasa natin kani-kanina lang, siya'y nakatingin sa umaga na ito.

Noong siya'y matanda na't, pinahihina ng katandaan, at ang laman niya ay sadya ngang naaagnas mula sa katawan niya, dahil sa mga bukol. Ang puso niya'y wasak, sa kadalambahatian. At ang bawat mortal na bahagi ng kanyang katauhan ay tila ba naluluntoy.

<sup>26</sup> At ang isang dakilang lalaki kagaya niya, na nag-iwan ng katangi-tanging marka sa mundo nung panahon niya; at ang makita 'yun, ang lahat-lahat kung ano siya—ano siya noon, at ang pagiging bantog niya. Sinabi niya na siya'y magtutungo sa mga siyudad sa Silangan, at 'yung mga prinsipal dun ay luluhod sa kanya, dahil sa kanyang angking karunungan.

<sup>27</sup> Pero heto nga siya, sa dulo ng kanyang dunong. Lahat ay napawi, mistula nga. Ang malusog niyang katawan ay wala na. Ang mga ari-arian niya'y wala na. Ang mga anak niya'y wala na. Lahat ng pagmamay-ari niya ay wala na.

<sup>28</sup> At, pagkatapos, ang Diyos sa Kanyang kaawaan ay bumaba kay Job, at Kanyang binigyan siya ng panibagong pandama, na magagawa niyang imulat ang kanyang mga mata't makita ang araw na 'yun na may katawan siyang tatanggapin. Nalaman niya na may Isa na parating, Isa na Matuwid, na Siyang tatayo sa kanyang puwesto, na Siyang magbabangon sa katawan ng mga namatay, at gagawin 'yun. Ang sabi niya, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay." Gustung-gusto ko nga ang positibong mga salita na 'yun na namutawi sa kanya.

<sup>29</sup> Hindi 'yung, "Sana. Pakiramdam ko lang na mangyayari." Yan ang ugali ng marami sa panahon ngayon, "May pakiwari ako na balang araw . . ."

<sup>30</sup> Pero si Job ay higit nga ang taglay niya. Ang sabi niya, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay," nandun siya sa positibong panig. Wala nga sa negatibo. Positibo lahat.

<sup>31</sup> At kung sa panahon ngayon, kung ang taglay lang natin ay 'yung krus sa ibabaw ng simbahan natin, para ipakita (na, ayos lang naman 'yan) na si Cristo . . . naniniwala tayo sa kamatayan ni Cristo, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli. Kung ang kamit lang natin ay yaong ilang mga patay na katawan na alabok na't nakalibing sa ilalim ng simbahan natin, at ang mga banal na taong ito na nakalibing dun, na 'yun lang. . . na 'yun lang ang tanging taglay natin na inaasahan natin, kung ganoon nabibilang lang tayo dun sa pinaka miserableng mga tao.

<sup>32</sup> Pero, ngayon, ganoon na lamang ang pasasalamat natin! Na hindi patay na mga katawan lang ang taglay natin, kundi ang nabuhay na mag-uling Espiritu ng Panginoong Jesus Cristo, na Siya'y nagbangon mula sa patay, nang may pananagumpay.

<sup>33</sup> Hindi na ito, "sa pakiwari ko." Na titingin ka sa isang krus at "sa pakiwari ko." Na titingin ka sa katawan na nakalibing dun sa lupa, at sasabihin, "sa pakiwari ko," at "sana nga."

34 Pero nung ang pangitain na biglang dumating kay Job ay naging realidad, itong pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus sa pamamagitan ng Espiritu Santo diyan sa puso, haya't ang taglay mo na'y, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay."

35 Lahat ng anino'y pumaram na, lahat ng lumang mga dilim ng, "kung maaari lang sana," at "marahil nga," at "siguro ay ganito ang mangyayari." Lahat ng 'yan ay pumaram na mismo, sa bawat isa na itinagubilin na ang kanilang puso na maging dakong paglalagakan ng Panginoong Jesus Cristo.

36 Namatay kasama Niya, inilibing kasama Niya, at ibinangon kasama Niya! Ibinangon kasama si Cristo sa pagkabuhay na mag-uli! Itong bagong pag-asang ito na inilagay ni Cristo sa ating mga puso, ngayon, itong bagong katiyakan! Isa itong pag-asa para sa kanila na mga nakatingin sa panahon na 'yun. Na anupa't ang lalaki o babae na binangon nang muli na panibago, ay may kamit nang "talastas ko" ngayon. "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay. Bakit? Siya'y nabubuhay na sa aking puso."

37 Hindi ba't kahanga-hanga nga ngayon na ang lahat ng mga anino ay lumipas na? Lahat ng. . . "Buweno, sana makasama ako sa pagkabuhay na mag-uli." Hindi na ito "sana." Kamit na natin ang katiyakan! Hayan nga. Talastas natin ito. Di na lang "sana nga."

38 Dahil, may bagay na nangyari sa ating buhay, na nag-alis sa lahat ng mga anino, noong si Cristo na Siya na nagbangong mag-uli'y pumarito sa makasalanan nating mga kalagayan na ating kinasadlakan. At ang mga lumang bagay ay pumaram na, sa pagkakapako kasama Siya, sa may dambana. At nagbangon tayo na panibago, muli kasama Siya, at nabuhay na't kasama Siya at maghahari kasama Siya. "At nakaupo na ngayon sa Makalangit na mga dako kay Cristo Jesus." Tayo'y binangon na kasama Siya. Tapos na ang pagkabuhay na mag-uli, kung tayo mismo ang tatanungin, dahil tayo'y ibinangon na kasama si Cristo. Amen. "Nakaupo sa Makalangit na mga dako kay Cristo Jesus."

39 Wala nang "pagbabaka-sakali" pa rito. Tapos na. Amen. Talaga ngang gustung-gusto ko 'yan. Wala nang "ano kaya," wala nang "sana-sana," wala na. Oh, tapos na ito.

"Tayo'y binangong kasama Siya, nakaupo na sa Makalangit na mga dako."

40 At ngayon, sa bagay na ito't sa mga ibang bagay pa, para sa Iglesia! Sasabihin n'yo, kung ganoon, "Kapatid na Branham, ano ngang ibig sabihin nito, na haya't, 'ipinapangaral natin ang Ebanghelyo' ng?" Yan ang kasunod nating inaasam. Yan ang kasunod na bagay sa atin. Matapos na tayo'y bangunin kasama Siya, ibinigay sa atin ang dakilang atas, na magsiyaon sa buong sanlibutan at dalhin ang mga balitang ito sa iba.

41 Napakagandang umaga nga nun, nung si Maria Magdalena, si Maria na ina, nung magpunta sila sa libingan nung maagang umagang 'yun, iniisip, "Sino kaya ang magpapagulong sa bato na 'yun na nakatakip sa libingan? Sino kaya ang puwedeng mag-alis nung bato na 'yun?" Sila'y humayo pa rin, nagpunta pa rin, dahil sa pananampalataya, sumasampalataya. At nung ang umagang 'yun ay nagbubukang-liwayway na, ang mga ibon na robin at lahat ay tumigil sa kanilang matining na paghuni. At maya-maya, 'yung tala sa umaga'y tumatanglaw na sa daan, at katulad ng isang malaking bulalakaw na sumalimbay sa ibabaw ng mundo at tumigil sa ibabaw ng libingan kung saan Siya naroon. At may Anghel na tumayo roon, at pinagulong ang naturang bato.

42 At nagbangon Siya mula sa libingan, pinagtagumpayan ang kamatayan, impyerno, at libingan. At ang sabi, "Narito, Ako'y sasainyo palagi, maging sa katapusan ng mundo."

43 At ngayon Siya'y nabubuhay nang may kadakilaan sa ating mga buhay, at wala nang pagbabaka-sakali rito. Iniisip ko nga na ang Pasko ng Pagkabuhay ay isa sa pinaka dakilang araw. Kung may araw man na ang mga full Gospel, mga pentecostal, mga ipinanganak na muli, pinagbagong buhay na mga tao, ay may araw na kanilang ipagbubunyi ng papuri ang Diyos, itong umaga ng Pagkabuhay na 'yun, na may kabatiran na ito'y isang bantayong ng pagpapaalala sa kung ano ang naganap sa kanila. "Na minsan kayong patay, dahil sa inyong mga kasalanan at pagsalangsang; na ngayon ay ibinangon na, pinaupo kay Cristo, sa Makalangit na mga dako, na talastas nga natin na ang ating Manunubos ay nabubuhay."

44 Si David, propeta ng sinaunang panahon, ang sabi, "Aba, ang aking katawan ay tatahang matiwasay, sapagkat di Niya iiwan ang Kanyang banal na Ito na makakita ng kabulukan, ni iiwan man Niya ang Kanyang kaluluwa sa sheol." Sinasaysay rito ang pagkabuhay na mag-uli, na ang Diyos ay ibabangon si Cristo batay sa mga Kasulatan.

45 At tayo, na binangon kasama Niya ngayon, ay nakapuwesto na't nakaupo kasama Siya; at ngayon ay handa na sa Pag-agaw na parating, hinihintay ang dakilang araw na 'yun. "Ang ating katawan ay tatahang matiwasay." Batid natin 'yan. Walang bahid ng pag-aalinlangan sa isip ko, ngayon. Walang bahid ng pag-aalinlangan sa isip ng sinumang tao na narito, na mga naipanganak nang muli, na anupa't sadya ngang maibibilang sila roon nang sintiyak na may Langit sa itaas. Maibibilang at maibibilang ka nga. Bawat pangako'y nakalapat dito. Siyanga. Sadya ngang ibabangong muli kasama Siya; at tapos kayo'y mamumuhay na kasama Siya, iibigin Siya, mauupo nang sama-sama sa Makalangit na mga dako, na hinihintay ang dakilang oras na ito.

<sup>46</sup> Ngayon, ang dakilang atas nga'y, magsiyaon. . . Matapos na Siya'y bumangon mula sa patay, hayan nga't Kanyang. . . Ang dakilang atas ay, hetong, "Magsiyaon sa buong sanlibutan, at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang." Bawat nilalang ay dapat na mapakinggan ang Ebanghelyo. Yun nga ang atas, sa umagang ito, sa Iglesia, na ang bawat nilalang ay dapat na mapakinggan ang mismong Ebanghelyo. Pagkatapos, kapag ang bawat nilalang ay nakarinig na sa Ebanghelyo, hayan nga't si Jesus ay magbabalik nang muli.

<sup>47</sup> Huminto na po ba kayo para pagbulaying, sa umagang ito, na itong pagparito, ay hayan ngang, magiging kitang-kita ito? Siya'y narito na sa atin ngayon. Siya. . . tayo nga'y darating ang araw. . . Ngayon sa mismong oras na ito, bulayin n'yo na ang Presensya Niya ay narito mismo ngayon. Ang Panginoong Jesus ay nasa ibang daigdig, o ibang dimensyon, na narito mismo ngayon sa anyo ng Espiritu. Ang Kanyang Espiritu ay lumalakip sa ating espiritu. Hindi Siya nakikita ng mga mata natin, dahil ang mga ito'y nasa pisikal pa lamang, maliban na may kung anong bagay na mangyari na tayo'y makakakita ng pangitain. Pero Siya nga'y narito kung papaanong makikita nga, na sadyang totoong-totoo katulad nung Siya ay naroon noong araw na 'yun na nakipag-usap Siya kay Maria, sa may libingan, o nung katagpuin Niya sina Cleofas sa kanyang daan patungong Emaus. Narito ang Kanyang Presensya mismo.

<sup>48</sup> Maaaring madama Ito sa pamamagitan n'yan, madama sa pamamagitan ng panloob na kargadang 'yan na nakapaloob sa katawan ng tao, na tinatawag na bagong Kapanganakan. Yung kaluluwa ay minagnet mismo patungo sa Kanya. At madalas, kapag itutuon n'yo ang inyong pag-iisip na mapisang nakatuon sa Kanya, sampalatayanan Siya; darating nga ang sandali, na may kung anong Bagay, isang realidad, na mararamdaman mo ang isang Bagay na ito na bumubuhos sa buong mong pagkatao. Yun nga ang mismong pagpapatotoo ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli.

Hindi na ito, "pakiwari." Hindi ito "pakiwari ko."

<sup>49</sup> Haya't, sa bawat tao na naipanganak na muli, isa na itong "talastas ko." Ito'y, talastas mo nga. Nariyan nga mismo, at sa sandali na magkaroon ka ng kaugnayan sa Kanya. May mga banal nga akong nakikita na sinasabi, "Oh, nararamdaman mo ba. . ." Ang Presensya ng Panginoon ay narito mismo. Sinasabi nila, "Hayan nga't, may kung anong Bagay nga!" Aba, siyanga. Narito kasi Siya mismo. Narito mismo. . . Bumangon Siya mula sa patay, at nakatayo na Siya mismo sa tabi n'yo.

<sup>50</sup> Ngayon, darating ang panahon, na kapag tumungo na tayo para makasama Siya; itong mga espiritong ito na narito, na nadarama ang Espiritu na 'yun, ay lalakip Doon. Na heto nga, sa pagkabuhay na mag-uli, kapag inihayag na Niya mismo



ang Kanyang sarili na makita, tayo rin ay magiging kitangkita at magtataglay ng isang katawan katulad ng Kanyang Sariling niluwalhating katawan. Dahil, yamang nanggaling tayo sa daigdig ng espiritu, tayo'y dadalhin Niya kasama Siya. "Lahat ng mga namatay kay Cristo ay dadalhin ng Diyos kasama Siya sa pagkabuhay na mag-uli." Oh, grabeng kaliwanagan! Sadya ngang isang pinagpalang bagay!

<sup>51</sup> Oh, di ko nga pipiliin. . . Oh, kung gagawin man akong hari ng buong sangkalupaan na ito, at gagarantiyahan ng milyong taon para mabuhay; hindi ko ipagpapalit ang isang taon ng pagsamba sa Panginoon, at ang mga bagay na nasaksihan ko sa loob ng isang taon na ito na nagdaan, at ang pagkakaroon ng kaalaman sa Diyos, kaysa sa lahat ng mga kayamanan na ito ng sandaigdig. Sa pinagpalang pag-asa na ito! Na pagkatapos naman ng isang milyong taon, o anupaman, ay hindi na ako mabubuhay pa.

<sup>52</sup> Di pa katagalan, si Kapatid na Cox (na nakatayo ryan sa may likuran ng gusali ngayon) at ako'y nakaupo noon sa. . . Sa mismong kalsada papasok sa bahay, at may bitak na bato noon sa daan. Doon sa bato ay may munting fossil ng kung anong pandagat na hayop, o kung ano, na nabuhay nang maraming, maraming taon na ang nagdaan. Sabi ko, "tingnan mo itong bagay na ito rito."

<sup>53</sup> At sabi ni Kapatid na Cox, "Kapatid na Branham, iniisip ko nga kung gaanong katanda na kaya 'yan?"

<sup>54</sup> Sabi ko, "Buveno, Kapatid na Cox, marahil ito nga'y, sa sasabihin ng mananalaysay, aabot ito ng milyun-milyong taon; noong-noon pa bago matirhan ang mundong ito, ng mga tao, at ang mga tubig ay tinatakpan pa noon ang sangkalupaan. Ang mga nilalang na 'yan ay marahil namuhay nang maraming, maraming milyong taon na ang nakararaan. Pero ako. . ."

<sup>55</sup> Sabi niya, "Tingnan mo, Kapatid na Branham," sabi, "di naman kaya't ang buhay ng tao ay napaka ikssi nga, kumpara sa buhay na 'yan? Isipin mo nga, ang fossil na 'yan ay natira pa rin, matapos ang milyun-milyong taon."

<sup>56</sup> Sa isip ko, "Oh," sabi ko, "Kapatid na Cox, darating ang panahon na 'yang fossil na 'yan ay paparam din nang tuluyan. Paparam maski 'yung anino n'yan. Pero yamang bumangon Siya mula sa patay, ako at ikaw ay mamumuhay, nang magpa kailanman, at sa di mabilang-bilang na kapanahunan."

<sup>57</sup> Sa panahon na ang mga fossil ay paparam, at ang lahat ng panahon ng pagtanda ay lilipas na, at mga anino man ay unti-unting lumalabo, tayo'y mabubuhay pa rin, nang mabubuhay nang mabubuhay, magpakailanman. Dahil, sa pamamagitan ng pagtanggap sa pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus Cristo, tayo'y naging mga imortal na mga nilalang, dumadaing sa Espiritu, hinihintay ang panahon ng ating pagkaligtas, na

maging tayo ay mapapasa piling Niya sa Kanyang pinagpalang Presensya, para mamuhay nang magpakailanman. Sadya ngang kagila-gilalas! Hindi na nga nakapagtataka na pinanabik nito sa tuwa ang mga puso ng mga tao! Di na nga nakapagtataka na ibinunsod nito ang mga tao na sumamba.

<sup>58</sup> Di nga nakapagtataka na ang mga tao sa panahon ngayon ay gumagapang na nakaluhod sa kanilang tuhod, at humihipo sa mga bato, at pinupunasan ang mga krus, at—at kung anu-ano pa, dahil, may kung anong bagay sa loob nila, may kung anong bagay sa loob ng kaluluwa ng tao na humihibik para sa isang bagay na hindi nila masumpungan. “Ang kalaliman ay tumatawag sa Kalaliman.” At kung mayroon ngang kalaliman, na tumatawag, mayroon at mayroon ngang Kalaliman na sadya ngang tutugon dito. Nararapat lamang.

<sup>59</sup> Kung papaanong ang mainit na araw ay sumisinag nang lubos sa kaparangan, na pinagyelo nang husto ng lamig ng tag-lamig, narapat lamang na . . . Ang araw na 'yan ay inilagay rito para sa isang bagay. Doon sa kailaliman, sa kung saan, na di nakikita ng mata ng tao, ay may halaman at buhay, na uusbong muli dahil hayan nga ang araw na ipinadala para sa mismong layunin na 'yan.

<sup>60</sup> At kung papaano nga na ang Liwanag ng Anak ng Diyos ay sumisinag sa puso ng tao, may munting bagay nga na nakatago na di maipaliwanag ng tao. Ito'y tumatawag. Nararapat lamang na naroon 'yun, sa kung saan. Kapag iniisip ko nga 'yan, hayan nga't ang puso ko ay sumasambulat sa galak, na malaman na may sukdulang katibayan tayo ngayon na si Cristo ay tunay nga na nagbangon mula sa patay, ngayon.

<sup>61</sup> At naiisip ko nga ang mga panahon sa Lumang Tipan, din, nung sila dun ay nag-aasam ng pagparito ng Panginoong Jesus, noong paunang makita nila Siya at sinamba, at ang mismong pagbubulay pa lamang dito. May kung anong bagay sa kanila, na tumatawag, “kalaliman na tumatawag sa Kalaliman,” na naghihintay ng panahon, nag-aasam sa panahon na darating si Jesus.

Ngayon, sa araw na ito, na Siya'y dumating na . . .

<sup>62</sup> Ngayon, doon nga, sinusubukan ni Satan sa bulagin ang mga mata ng mga taong nakatuon dito, na sinasabi sa kanila na wala raw ganoong bagay. Pero, sa kung anong pamamaraan o anuman, lampas sa anumang bagay na kaya nating ipangusap sa umagang ito, na anupa't ang Espiritu Santo'y nagpasok sa kanilang puso at nagbigay ng kagutuman at kauhawan, na may Isa ngang Banal na parating.

<sup>63</sup> Si Job, ngayo'y pagka-isipin n'yo nga 'yun, apat na libong taon . . . Apat na libong taon bago ang pagparito ng Panginoong Jesus, ay nakita na ni Job ang pagkabuhay na mag-uli. At nung makita niya ito sa pamamagitan ng isang pangitain, na ganoon

ang mangyayari, nang apat na libong taon bago 'yun mangyari, siya'y nagkaroon ng katiyakan, na, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay, at sa huling mga araw ay tatayo Siya sa ibabaw ng lupa. Sirain man ng uod ang katawan na ito, ay sa aking laman ay makikita ko ang Diyos; na makikita ko Siya; nang mismong mga mata ko't makikita, at di nang iba." May kalaliman, na tumatawag sa Kalaliman, na naroon mismo kay Job.

<sup>64</sup> Susubukan nga marahil ni Satanas na burahin 'yan sa pamamagitan ng kamatayan. Sasabihin niya, "Siyanga, Job, patungo ka sa libingan. Kakainin ng uod ang iyong katawan." Siyanga. Alam natin 'yan.

<sup>65</sup> Pero ang sabi ni Job, "Ako'y tatayo kasama Siya sa huling mga araw." Siya'y napagkalooban ng katiyakan na siya nga'y mapaparoon, dahil may kung anong bagay na naroon kay Job na nagsasabi nito mismo sa kanya. At anumang puspulang pagsisikap ni Satanas na burahin ito sa pamamagitan ng kamatayan at ng lahat, si Job ay nakatuon nang direktang rito, na nakikita niya ito. Namatay sa pananampalataya, nalagutan ng hininga; bumangon muli sa umaga ng Pagkabuhay, kasama si Cristo, na wala nang kamatayan ngayon sa gitna ng mga tao! Hallelujah! Pansinin. Di na nga nakapagtataka na 'yung mga Anghelikong Nilalang ay nakaaawit sila ng, "Hallelujah!" May kabatiran!

<sup>66</sup> Ngayon, sa panahon ngayon, marahil may ilan, sa atin na papunas-punas sa mga krus, papunas-punas sa buto ng mga patay na tao; ito'y dahil ang mga puso ng tao ay tumatawag sa isang bagay. Sila nga. May kung anong bagay sa loob nila, na tila ba. . . Sa pagiging mga tao nila, nagnanais sila. . . Alam nila na may kung ano, sa kung saan, na higit sa ano pa man na nalalaman nila tungkol dun, at hinahanap nila ito, hinahanap nila ito. At sinusubukan nilang hanapin ito sa pamamagitan ng pagsamba sa mga buto ng mga patay na tao, sa pagpupunaspunas sa mga krus, sa pagpapatayo ng naglalakihang mga simbahan.

<sup>67</sup> Pero, oh, ang pinagpalang pag-asa na 'yun sa panahon ngayon, ang pinagpalang katiyakan na 'yun, na ang bawat isa na nagkaroon ng pakikipag-ugnay sa pagkabuhay na mag-uli, ay may kabatiran, na lampas sa anumang anino ng pagdududa, na si Cristo'y nagbangon mula sa libingan, at tayo'y bumangon kasama Siya. Tayo ay binangon kasama Siya, sa umagang ito. Isa 'yang, kita n'yo, hindi 'yan. . .

<sup>68</sup> Isa 'yang pagkagutom, sa bawat isa sa inyo na lumalapit kay Cristo. Bago n'yo tinanggap ang Espiritu Santo, kayo nga'y nagutom at nauhaw. Kumilos kayo. Naghanap-hanap kayo. Binasa n'yo ang Biblia. Umiyak kayo. Ginawa n'yo ang lahat ng puwede n'yong magawa. Marahil umusal pa kayo ng pagro-

rosaryo. Marahil paulit-ulit 'yang dasal n'yo sa pagro-rosaryo. Marahil nagawa n'yo na ang lahat ng iba't ibang relihiyosong mga gawain. Marahil tumigil pa nga kayo sa pagkain. Marahil nangilin pa kayo ng mga araw ng sabbath. Marahil ginawa n'yo na ang mga makarelihiyosong mga bagay na ito na sinasabi-sabi ng mundo sa panahon ngayon.

<sup>69</sup> Pero, nung isang beses na 'yun na isinuko n'yo ang inyong sarili sa pagpapapako, dumating ang pagkabuhay na mag-uli. Nagbunsod 'yan sa inyo ng katiyakan, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay ngayon!"

Na sa pinagpalang katiyakan, si Jesus ang tangan!

Oh, damang-dama ngayon pa lamang Banal na kaluwalhatian!

Tagapagmana ng kaligtasan, sa Diyos mayroon nang katubusan,

Sa Kanyang Espiritu ay isinilang, sa Kanyang Dugo ay hinugasan.

<sup>70</sup> Yan ang mabuting balita. Yan ang pangkalahatang atas. Yan ang dakilang atas, na tayo'y dapat na "magsiyaon sa buong sanlibutan, at ipangaral ang Ebanghelyo na ito." Ibigay Ito sa mga tao mismo, "sa kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli." Ngayon, na anupa't . . .

<sup>71</sup> Ngayon, papaubos na ang oras natin, para sa munting pangungusap nating ito sa umagang ito. Tayo'y mangangaral na ngayon, sa loob na lamang ng kaunting oras, na babalik dito para ipangaral ang gawain ng Pasko ng Pagkabuhay sa araw na ito.

<sup>72</sup> Pero, ngayon pa lang, maski sa munting pangungusap na ito, napaka gandang pakiramdam na agad! Grabeng napaka gandang pagbubuklod ito na magkakasama! At naniniwala ako nang buong puso ko na, ngayon mismo, na makikita ng lumang tabernakulong ito ang tahasang katibayan na si Jesus Cristo ay bumangon mula sa patay, nang kitang-kita nila ng mga mata nila; na pinagagaling ng Diyos ang mga maysakit, at ginagawa ang dakilang mga tanda na ito't mga kababalaghan na kalakip sa dakilang atas na ito. Ang dakilang kabayaran na binayaran sa Kalbaryo ay inilakip ang mga bagay na ito. At, sa akin, ito ang di nabibigong mga katibayan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli.

<sup>73</sup> Matapos na magbangon Siya mula sa patay, ang sabi Niya, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang Ebanghelyo na ito sa bawat nilalang. Ang mga tanda na ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya."

<sup>74</sup> At maaari ngang nasa sa inyo nang lahat ang mga katedral, at ang lahat ng pagpupunas-punas, at ang lahat ng mga bagay na asam n'yo. Pero ibigay n'yo lang sa akin ang Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli, nang sa gayon makita ko ang

Panginoong Jesus sa oras na ito, bilang ang Lila sa Libis at Tala sa Umaga. Sapat na 'yun, sa akin. At masasabi ko nga, kasama ni Job ng sinaunang panahon, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay."

Anong makapaghuhugas sa mga pagkakasala ko?

Walang iba kundi ang Dugo ni Jesus.

<sup>75</sup> Anong makakapagpabuti sa kalagayan ko uli, mula sa lahat ng karamdaman, lahat, lahat ng pagkaalipin na kinasadlakan ko? Walang iba kundi ang Dugo ni Jesus, at Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Isa ngang kahanga-hangang bagay! Iniibig ko Siya. Maging kayo rin hindi po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pagpalain ang banal Niyang Pangalan!

<sup>76</sup> Ngayon, si Job ba'y nadismaya? Si Job ba'y pumaram na lang dahil sa pagsampalataya niya rito? Hindi nga. Hindi nga. Si Job ba'y naloko lang, dun sa kanyang nakita, sa kanyang kapahayagan? Yung bang kalaliman, na tumatawag doon sa Kalaliman, ay dinaya lang si Job? Marami ang ganoon ang iniisip sa panahon niya. Pero, oh, ano nga ang kinalabasan nun sa huli? At si Job, nung siya ay mamatay, matapos na umabot sa pagiging matandang lalaki, siya'y pinagpala ng Diyos sa kanyang buhay.

<sup>77</sup> Sinasabi ko nga sa inyo, masdan n'yo ang kahit sinong tao na maisip n'yo. Pakinggan n'yo ito, kayo na mga dumadalo rito sa tabernakulo, at sa inyo na mga bisitang kasama namin dito. Anumang buhay 'yan na ipamuhay n'yo, 'yan mismo ang buhay na aanihin n'yo. Kayo nga'y, anumang ihasik n'yo, ay inyong aanihin. Ako'y tumungtong na ng kuwarenta y sais, nitong isang araw lang. Ipinahintulot ng Diyos na mabuhay ako nang ganitong katagal nang sa gayon matiyak ko na di kayo gagawa ng masama't maglulumagi dun.

<sup>78</sup> Kinakailangan n'yong gawin ang tamang bagay, dahil si Cristo ay nagbangon mula sa patay at ang mga mata Niya ay nakatuon sa Iglesya, at nakaantabay Siya Rito at ginagabayan Ito. Huwag na huwag kayong lilihis sa himok ng Espiritu Santo sa tuwing may sasabihin Siya sa inyo na gawin. Anuman ang sabihin ng sanlibutan, gawin n'yo ang sinasabi Niya na gawin. Lagi Niyang pagtitibayin ang Katotohanan at pananatilihing tuwid ang Katotohanan.

<sup>79</sup> Ngayon, nung siya . . . nung ang dakilang propetang ito ng Panginoon, si Job, nung siya ay mamatay at mailibing. Isa lang pong munting pagdidiin ngayon sa bagay na . . .

<sup>80</sup> Nais ko pong dalhin na sa pagtatapos ang munting gawain na ito ngayon, para makabalik na tayo sa ating tahanan agad, at makabalik pa tayo uli para sa maluwalhating gawain ng pagpapagaling mamaya. Gusto ko lang . . .

<sup>81</sup> Hindi po ako isang panatiko. Alam n'yo na di ako ganoon. O, kung ako'y ganun man, di ko po 'yun alam. Pero may kung anong Bagay nga ako na nararamdaman dito sa kaibuturan ko mismo, na tumutulak na nag-uudyok. Naniniwala ako na tayo ay kumakaharap na ngayon sa isang bagay na dakila, sa umaga pong ito, para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sinasabi ko nga sa inyo, hindi ko po . . . Oh, naku! Isa ngang . . . Ang mabatid ang bagay na ito, na si Cristo ay nabubuhay ngayon! Na kahit pa, ang buong mundo sa paligid, saan pa mang dako, at lahat ng relihiyon, lahat ng ano man, maski ano pa 'yan, tanggihan man Ito ng buong grupo; hayan pa rin, sa akin, na Siya'y buhay. Siya'y buhay.

Hayan nga't, tingnan nga natin kung ang mga tao nga'y nabigo sila, na mga nagsisampalataya Roon.

<sup>82</sup> Si Job, nung mamatay siya, inilibing siya sa isang—isang lupa dun. At nakukubli ang kanyang libingan.

<sup>83</sup> At tapos nung panahon na sumapit na sa mga propeta ng sinaunang panahon, si Abraham. Ang magkasintahan sa Biblia, na sina Abraham at Sarah. Nung mamatay si Sarah, bumili ng kapirasong lupa si Abraham na malapit sa dako kung saan nakalibing si Job, at doon inilibing si Sarah. Ang sabi niya, "Ako'y tagapagmanang kasama mo sa dakong 'yun sa ibayo." Oh, ang ganda! Gusto ko 'yan, "Tagapagmanang kasama."

<sup>84</sup> Sa ganoong paraan, ngayon, sinasabi ng ilan, "Buweno, Kapatid na Branham, ang ibig mo bang sabih'i'y lilisanin mo na ang iglesyang Baptist? Na gagawin mo 'yung *ganito, ganoon, o iba pa?*"

<sup>85</sup> Ako nga'y tagapagmanang kasama ng mga "holy-roller," at gusto ko—gusto ko ngang makasama sila. Ako . . . Kung saan, gaya nga ng sinabi ni Ruth, ng sinaunang panahon, "Kung saan ka . . . Ang iyong bayan ang aking bayan. Ang iyong Diyos ang aking Diyos. Kung saan ka mamamatay, doon ako mamamatay. Kung saan ka ililibing, doon din ako malilibing." Gusto kong mamatay sa aking sarili, nang ganun na lamang na pag-aasam, hanggang sa ako'y maging bago nang tao kay Cristo Jesus.

<sup>86</sup> Kaya, inilibing na nila si Job. At inilibing ni Abraham si Sarah malapit sa pinaglibingan nito. May kung anong bagay sa kanila; isang kalikasan na naroon na talaga!

<sup>87</sup> "Buweno," sasabihin n'yo, "ngayon, may ganyan bang bagay talaga, Kapatid na Branham? Ngayon, marami kang sinasabi patungkol sa iba't ibang mga relihiyon. Sila'y nagsisi basa rin naman mula sa aklat, siyanga." Tama naman 'yun. Nagsisi basa rin sila mula sa mga aklat.

<sup>88</sup> Pero Ito nga'y hindi pagbabasa mula sa aklat. Ito nga'y ang Aklat na inihahayag na. Ito ang Salita. Ang binhi ay unti-unti nang sumisibol, na anupa't, "talastas ko." Kung binabasa n'yo lang nang basta letra, ang sasabihin n'yo, "Sana. Pakiwarì ko."

Pero kung ang binhi ay sumibol patungo sa Buhay, kung gayon ay talastas n'yo. Amen. Amen. Oh, isa nga itong, "talastas ko."

<sup>89</sup> Sinabi ni Job, "Talastas ko!" "Nung dati'y pakiwari ko; sa paniwala ko; nag-aalay ako ng mga handog; ginagawa ko ang lahat ng mga bagay na ito; may pakiwari ako." Pero nung ang pangitain na 'yun ay dumating, at nakita niya 'yun, ang sabi niya, "Talastas ko na ngayon." May kung anong bagay nga na nangyari.

<sup>90</sup> Marahil magagawa mong magsimba. Mabibigkas mo nang kumpleto ang Cremos de los Apostoles. At magagawa mo itong lahat ng iba pang mga bagay na may kinalaman sa relihiyon. Marahil mababautismuhan ka sa anupamang anyo na gustuhin mong mabautismuhan ka. Magagawa mo itong iba pang mga bagay na gustuhin mo. Pero hanggang sa ang kaluluwa mo'y magising sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus, ikaw nga'y... Lahat ng "pagbabaka-sakali" ay paparam na, at isang "talastas ko" ang bababa. "Talastas ko!"

Sinabi ni Job, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay."

<sup>91</sup> Ang sabi ni Abraham, "Nagkaroon din ako ng ganyan ding pangitain. Doon sa dako sa kabundukan, noong (si Cristo) ang Diyos ay kinatagpo ako, at ibinigay sa akin ang... Kanyang pitong pangalan ng pagtutubos, bilang Jehovah-jireh, Jehovah-rapha, at ang lahat ng mga ito; nakita ko ang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli. Sa pagkakita ko rito, ay hayang inialay kong kalakip nun ang sarili kong anak, nung tingnan ko si Isaac (ang nanay ng patay na nanay na ito rito, ang kanyang anak na lalaki.), nung dalhin ko ang batang ito sa ibabaw ng burol, pinagpasan ko pa ng gagamiting panggatong sa kanya, paakyat ng bundok," Genesis 22, "at doon ang bata na ito... Inihiga ko siya sa dambana at kukunin ko na sana ang kanyang buhay. Yamang may pagkabatid na tinanggap ko ang batang ito na tila mula sa kamatayan, kaya naniniwala ako na Kanyang ibabangon ang bata muli. At sa pamamagitan nitong dakilang pag-asa na tumitibok sa aking puso, talastas ko na sinabi Niya na Kanya siyang ibabangon." Kita n'yo? Isa 'yung paunang pagpapakita ng pagkabuhay na mag-uli; ang siya ring nakita ni Job.

<sup>92</sup> Kaya sabi niya, "Ngayon, ako'y tagapagmanang kasama ni Job, kaya ilibing n'yo ako sa siya ring lupa na ito." Ganoon nga. Kaya dinala nila siya roon, dinala si Sarah sa dakong 'yun at inilibing siya malapit doon kay Job. Ang sabi ni Abraham, "Ngayon baka sakaling kanilang... Ang lupa na ito'y maaaring maibenta pa sa iba, o hayan nga't ibinigay n'yo lang ito sa akin. Di ko nais na ibigay n'yo lang ito sa akin. Gusto kong bayaran ito. Kahit na ibinigay pa n'yo ito sa akin, gusto kong bayaran ito."

<sup>93</sup> At sa ganoon ngang paraan, na ang bawat tao, ay, “Sa pamamagitan ng biyaya ay kayo’y naligtas, hindi sa gawa,” hindi sa kung anong magagawa n’yo. Hayan nga’t kung inyo nang natanggap ang pinagpalang pagkabuhay na mag-uli sa inyong puso, nanaisin n’yo nga na mamuhay ng pamumuhay ng isang Cristiano, na ang buong pagnanais sa inyong puso ay ang gawin kung ano mismo ang tama. Oh, sadya ngang nalulugod ako rito! Hindi ito dahil sa tali kayo ng tungkulin na gawin ang *ganito*. Hindi nga ito dahil sa tali kayo ng tungkulin, pero may kung anong Bagay nga sa inyo na nagbubunsod sa inyo na gawin ito. May pagnanais ka talaga na gawin ito. Hindi mo ito ginagawa dahil ito’y tungkulin. Ginagawa mo ito dahil sa pag-ibig.

<sup>94</sup> Sinasabi mo, “Sa palagay ko. Buweno, kinakailangan ko pang gumising at ihanda ang mga bata para sa pagpunta sa simbahan ngayong umaga. Oh, naku!” Kita n’yo. Hindi n’yo pa nasasayaran ang pagkabuhay na mag-uli kung ganoon.

<sup>95</sup> Kapatid, kung ang pagkabuhay na mag-uli ay pumasok na rian sa inyong puso, may pananabik ka na gawin ’yun. May kung anong bagay, na di n’yo nga kayang lumayo roon; may kung anong Bagay sa kaibuturan.

<sup>96</sup> Si Job, nung makita niya ito! At maging si Abraham ay nakita niya ito; inilibing niya si Sarah malapit kay Job. Binili ang mismong lupa, binili ng sarili niyang salapi, nang sa gayon ito’y masigurado. Naglagay ng mga saksi, na magpapatunay na binili nga niya ang lupang ito para maging dako na lilibingan. At pagkatapos, si Abraham mismo, nung siya ay mamatay, siya ay inilibing kasama nila, rin, sa siya ring lupa na ’yun.

<sup>97</sup> Naging anak ni Abraham si Isaac. At nung mamatay si Isaac, siya’y inilibing kasama si Abraham; sa ilalim ng siya ring pangitain, ng siya ring kaisipan, na siya ring “kalaliman na tumatawag sa Kalaliman,” ng siya ring, “talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay.” Ng siya ring bagay, siya ring mga patunay.

<sup>98</sup> At pagkatapos naging anak naman ni Isaac si Jacob. At namatay si Jacob, dun sa malayong dako ng Egipto, malayong-malayo sa lupaing ito.

<sup>99</sup> At isa siyang pilay na lalaki. Ibang-iba ang lakad niya kumpara sa lakad niya noon, dahil isang gabi siya’y nagkaroon ng kaugnayan sa Anghel ng Diyos. At hinipo ng Panginoon ang kanyang tagiliran at pinaging iba ang kanyang lakad. Hayan ngang may patunay siya na siya’y hinipo ng Diyos, at sadya ngang hinipo siya ng Diyos. At sa ganoon ngang paraan, nung makamit niya ang patunay na ’yun, ’yung baling tagiliran na ’yun na kanyang inilakad dun, ay ibinunsod siya na makalakad nang direktso.

<sup>100</sup> Sa isang panig, ay isang dalubhasa sa pagpapanggap, isang dalubhasa . . .Buweno, ’yun pa nga ang bansag sa kanya, isa



nga siyang manlilinlang. Tinawag pa nga na “manlilinlang.” Yung mismong salita na *Jacob* ay ang ibig sabihin nga nun ay “manlilinlang.” At nung narito siya sa panig na ito, na isang manlilinlang; isa nga siyang dalubhasa’t, malusog, na malakas, na manlilinlang.

<sup>101</sup> At dito naman sa kabilang panig, ay isang papilay-pilay na prinsipe na nagkaroon ng kaugnayan sa Diyos; hinipo, pinag-iba, nakamit ang pinagpalang pag-asa na ’yun sa kaibuturan niya! Nag-iba ang kanyang lakad. Nag-iba ang kanyang asal. Nag-iba ang kanyang pamumuhay.

<sup>102</sup> At nung handa na siyang mamatay, doon sa malayong dako na ’yun ng Egipto. Isipin n’yo nga ito ngayon. Sa pamamagitan ng inspirasyon na ’yun bago ang pagkabuhay na mag-uli, na bahaging ibinigay sa kanya, bago ang pagkabuhay na mag-uli. Ang sabi niya, “Talastas ko na may kung anong bagay na mangyayari sa ibayong ’yun ng Egipto, isang . . . hindi pala Egipto; kundi doon sa ibayo sa lupaing pangako, isa sa mga araw na ito. Kaya dun mismo sa siya ring lupain na ’yun na ang inspirasyon . . . Halika rito, anak kong, Joseph,” na siya ring isang propeta. Sabi niya, “Halika rito at ipatong mo ang iyong kamay rito, sa ‘pinagbunuan,’ ang dako kung saan ako naroon noon. At manumpa ka sa akin, sa Diyos ng Langit, na di mo ako ililibing sa dakong ito rito. Manumpa ka sa akin na di mo ako ililibing sa dakong ito rito.” Dahil, alam niya na mahalaga na siya ay mailakip na kasama ng kanyang bayan.

<sup>103</sup> Yan ang dahilan, ngayon, kung bakit may pagnanais tayo na makaawit habang ipinapatong natin ang ating kamay sa lumang magaspang na krus, “Tatahakin ko ang lansangan kasama ng ilang kinamuhian sa Panginoon; kahit na Ito pa’y kutyain, kahit na Ito pa’y lait-laitin, kahit na ako’y kilala’t, sikat na tao rito.”

<sup>104</sup> Kagaya nga nung, isang araw, ito ngang, isang munting kabataang lalaking ito na sumadya sa bayan na ’yun dito, at siya nga’y may pagka-sikat sa mga . . . at kung ano pa, sa mga kabataan. Pero may nakita akong isang bagay isang araw, na bumaba rito. At pumanig ako sa panig ng papilay-pilay, sa kabilang panig.

<sup>105</sup> Di ba kayo nagagalak, na sa umagang ito, ay pumuwesto na kayo sa panig na ito roon? Dahil may kung anong bagay nga sa—sa inyo! [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>106</sup> May kabataang babae po . . . Nung isa pa akong kabataang mangangaral, dito sa dako kung saan ako nangangaral, ang kabataang babae po . . . Dinala ko siya sa simbahan isang gabi. Ang sabi niya, “Billy, tayo’y . . . pagkatapos ng simba, maaari ba tayong lumabas para sa isang palabas?”

Sabi ko, “Hindi ako nagpupunta sa mga palabas.”

<sup>107</sup> Ang sabi niya, “Buweno,” sabi, “maaari ba tayong—maaari ba tayong—tayong magkita, o magtipanan, para magpunta sa

isang sayawan na gaganapin sa isang dako?" At 'yung dalaga po'y isang tagapagturo sa Sunday school.

<sup>108</sup> At sabi ko, "Naku, hindi." Yung kapatid niyang lalaki ay isa pong ministro. Di nga kalayuan ang bahay niya rito. At siya . . . Sabi, "Maaari ba tayong magpunta dun sa—sa—sa may sayawan?"

Sabi ko, "Hindi ako sumasayaw."

<sup>109</sup> At sabi niya, "Hindi?" Sabi, "Saan ka nagkakaroon ng kaaliwan kung ganoon?"

Sabi ko, "Pumunta ka sa simbahan, ipapakita ko sa iyo." Amen.

<sup>110</sup> Sinasabi ko sa inyo, kapatid, na sa sandali na madama ko ang pagkabuhay na mag-uli, na nagpapabagong kapangyarihan ng Panginoong Jesus Cristo na pumapaikot sa buong katawan ng isang tao, na siyang nagbibigay ng ganap na katiyakan na 'yun, na wala na ngang hihigit pang kagalakan Doon, sa loob ng limang minuto, kumpara sa lahat ng makasanlibutang kaaliwan na maaaring mailaan. Ang Kapangyarihang 'yun na nagpapabuhay mag-uli!

<sup>111</sup> Buweno, nung gabing 'yun, dumulog ang mga makasalanan sa altar. Nakaupo ang dalaga sa may likod na umiiyak, din. Sabi ko, "Ngayon, tingnan mo, kapatid na babae, nakita mo na kung saan nakalagak ang kagalakan ko?" Sabi ko, "Ako nga'y higit na mas masaya ngayon kumpara sa lahat ng maibibigay mo sa mundo. Ang mundo, at ang lahat ng kapangyarihan nito, ay di kailanman makapapalit Dito." Hayun nga roon ang mga kaluluwa na nagsisilapit dun, may kung anong espesyal na Bagay nga roon!

May magsasabi, "Buweno, ano naman kung ganoon? Wala ka naman nang pakialam doon."

<sup>112</sup> Oh, mayroon, siyanga, rin. May pakialam ang bawat lalaki at babae na ipinanganak na sa Espiritu ng Diyos, na matiyak nila na ang mga Cristiano ay papasok sa Kaharian ng Diyos. Isa 'yung tungkulin n'yo. May pakialam kayo roon. At ano ngang lalong higit na kagalakan kapag ang mga bagay na ito'y nangyayari nang lubos, doon, na haya't makikita n'yo ang kapayapaan. Siyanga.

<sup>113</sup> Sinabi ni Jacob, "Ngayon ipatong mo ang iyong kamay rito, at manumpa ka na di mo ako ililibing dito." Kaya dinala nila siya at inilibing siya roon kasama ng iba pa sa kanila.

<sup>114</sup> At pagkatapos—pagkatapos, si Joseph, kung papaanong dumating 'yun kay Jacob ay dumating din kay Joseph. At nung si Joseph ay namatay dun sa Egipto, ang sabi niya, "Ngayon, tingnan n'yo, huwag n'yo akong ilibing dito dahil alam ko na darating ang araw na tayo'y lilisan din sa dakong ito. Kaya, ako . . . Hayaan n'yo lang na di nakabaon ang mga buto ko't

nasa ibabaw lang ng lupa.” Oh, grabe! “May pagnanais ako na maibigay ang patotoo na makakaya kong maibigay, na ako’y sadyang sumasampalataya rito.” Ganoon nga. Sabi, “Matapos na ako’y mamatay, hayaan n’yo lang ang mga buto ko rito para maging patotoo.” Kita n’yo? Ano ’yun? Mistula nga ’yung pagpapahayag na katulad nung kay Job noon, “Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay,” dahil nakita niya mismo na ang buong kaganapan nun ay yugto-yugtong ginaganap sa kanya. Nakita niya mismo, katulad ni Job.

115 Nakita ’yun ni Job sa isang pangitain. Nakita ’yun ni Abraham kay Isaac. At si Isaac na . . . at si Jacob, at iba pa. At nakita ’yun ni Jacob dun sa pakikipagbuno.

116 Ngayon nakita ’yun ni Joseph dun sa sarili niyang buhay mismo. Nakita niya na siya’y ipinanganak na isang kakaibang batang lalaki, na siya nga’y isang tagakita. May kung anong bagay sa kanya; nakakakita siya ng mga pangitain. Hindi niya ’yun maintindihan. Haya’t siya’y nagpunta’t nakita . . . Sinabi mismo sa kanyang nanay at tatay, nung sinusubukan nilang pangaralan siya, na minsa’y nakita niya ang mga bungkos na lahat ay nagsisiyukuan dun sa bungkos niya. Hindi niya ’yun maintindihan noon. Pero hayan nga, ang kasunod na nangyari, nalaman na lang niya na siya’y ipinagkanulo ng kanyang mga kapatid. Ang sabi niya, “Ano ba itong ginaganap ko rito? Ano ba itong paunang kaalaman na ito na tinatanggap ko ngayon?” Sinubaybayan niya ang sarili niyang buhay.

117 At sinumang tao ay magagawang subaybayan ang sarili n’yong buhay at magagawang sabihin kung ano kayo, kung inyo lamang sisiyasatin ang inyong sarili, kung kayo ba’y tunay na Cristiano o hindi. Susubaybayan ang mga bagay na inyong ginagawa, at mga bagay na inyong sinasabi, at ang mga taong kaugnayan n’yo, at kung anu-ano pa. Malalaman n’yo kung kayo ba’y may ipinamumuhay talaga roon, o wala.

118 Sinubaybayan niya ang kanyang buhay habang unti-unti itong umuusad. At malalaman n’yo na lang, natagpuan na lang nila na siya’y inihagis dun sa loob ng hukay; ipinagkanulo ng kanyang mga kapatid, na ipinagpapalagay na siya’y pinatay at inihagis dun sa hukay, at hinango uli dun. Paunang nakita ’yun ni Joseph. Haya’t natagpuan niya ang sarili niya sa kulungan. Natagpuan niya ang kanyang sarili sa bartolina. Nasumpungan niya ang kanyang sarili na kasama niya ang Diyos, sa lahat ng mga ginagawa niya, na may kabatiran, na siya ay prinsipeng kasaganahan. Sumagana ang mundo. Saanman magpunta si Joseph, may kasaganahan, dahil hayan nga siya na prinsipeng kasaganahan. At, heto siya, na paunang ipinapakita si Cristo.

119 Saanman magpunta si Cristo, mayroong kasaganahan. At sa pagbabalik ni Cristo sa lupa, lahat ng sumpa sa mundo ay aalisin, isa sa mga araw na ito. Ang matandang disyerto ay

mamumukadkad na kagaya ng rosas, at ang mga magagaspang na dako ay pagiging makinis. At siya'y mamumukadkad nang may kasaganahan, dahil Siya ang Prinsipe ng kasaganahan, saanmang dako Siya magpunta. Hallelujah! Ang Prinsipe ng kasaganahan!

<sup>120</sup> Magagawa nga nating maglumagi sa bagay na ito ng isang oras pa ngayon! Pero, bibilisan na natin ito ngayon, kailangan na nating magmadali.

<sup>121</sup> Ngayon tingnan n'yo nga si Joseph, sa pagkakita rito, nung mapagtanto niya ang lahat ng mga bagay na ginanap niya. Nakita niya ang mga kapatid niya na nagkanulo sa kanya, na heto ngang papalapit sa kanya ngayon, na di siya nakikilala; at sila nga'y nagsiluhod sa harap niya, nang may paggalang. At sila na mga nagpapako sa kanya, kung masasabi ngang ganito, at naghagis sa kanya dun sa lupa, sila na ipinagbili siya sa mga taga-Egipto, lahat ng nagmaltrato sa kanya, ay hayon nga sila na nakatayo sa harap niya. At, siya, ang dakilang prinsipe; at sila'y nanginginig. At ang sabi nila, "Oh, ang . . ." Nanginginig, dahil, ang sabi, "Pinatay namin ang aming kapatid." At ang lahat ng kaganapang 'yun, at kung papaano nga 'yun naladlad na maging isang paunang pagpakita.

<sup>122</sup> Si Joseph, nabatid niya na 'yun ang magiging kalagayan ng mundo sa pagdating ng Panginoong Jesus, kaya binigkas niya ang mga bagay na 'yun tungkol sa mga buto niya. Sabi niya, "Huwag n'yo akong ilibing dito. Haya't gusto kong mag-iwan ng lahat ng mga patotoo na makakaya ko, na naniniwala ako na darating ang araw na magkakaroon ng pagkabuhay na mag-uli, sa dakong ibayo, kung saan ang mga nauna sa akin na nagkaroon din ng siya ring inspirasyon na 'yun ay naparoon."

<sup>123</sup> At kaya naman ganoon din ang masasabi ng Iglesia, sa umagang ito! Kahit na "mga panatiko," ang ibinabansag sa atin; kahit na haya't sumasampalataya tayo sa Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli; kahit na sumasampalataya tayo sa Makalangit na pagpapagaling at sa lahat ng mga sobrenatural na mga tandang ito na ipinangako ni Cristo; papanig at papanig tayo sa mismong panig ng mga "di nakapag-aral," o "mga panatiko," at kung anu-ano pa! Walang dipirensya kung anumang ang panigan natin, basta't talastas natin na ang ating Manunubos ay nabubuhay, at naghatid na ito sa ating puso ng katibayan, na Siya ay buhay at naghahari.

<sup>124</sup> Sinabi ni Joseph, "Nais kong mag-iwan ng patotoo laban sa diyablo sa abot ng makakaya ko."

<sup>125</sup> At kaya iniwan niya ang mga buto niya roon, at ang mga 'yun ay naiwan dun nang apat na raang taon. Amen. Dahil, ito nga'y sumilip nang lampas dun! Sinasabi ng mga tao, "Grabe namang kapanatikuhan 'yan!" Mukha ngang ganoon, na, isang

kapanatikuhan, pero pinatunayan nun mismo na 'yun nga ang Katotohanan. Amen.

<sup>126</sup> At ganoon din ito sa sinuman na taglay na ang pinagpalang pag-asa ng tekstong ito ngayong umaga, “Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay. Talastas ko ito, anuman ang mangyari!”

<sup>127</sup> Sinasabi nila, “Oh, sagana naman tayo rito. Ang buong Egipto ay sumagana naman habang narito tayo,” lahat ng mga bagay na ito.

<sup>128</sup> Pero wala ngang naging kinalaman 'yun. Alam niya na sila ay lilisan palabas dun, kung gaanong kasigurado siya na may mundo. Ang sabi niya, “Ngayon, dalhin n'yo ang mga buto ko sa dako roon, at ilibing n'yo ang mga ito sa Egipto. . . o doon sa lupang pangako, doon sa lupang Canaan, sa labas ng Egipto.” Kaya nung sila. . . Dumating na si Moises, na siya ring isang kinasihang propeta, at dinala niya ang mga buto ni Joseph, at dinala ang mga ito at inilibing ang mga ito sa siya ring lupang 'yun, sa siya ring dako na 'yun na kinalibingan ng iba pa. Si Joseph nga'y napasa kalagayang 'yun, gaya ng iba pa sa kanila. Bakit? May kung anong Bagay sa kanya. May Bagay sa kanya! Na ano man ang. . .

<sup>129</sup> Di n'yo maririnig ang mga taong 'yun na magsasabi ng iba tungkol dun. “Buweno, kahit saan naman ay puwede na.” Na sila'y hihimlay na lang kung saan nila gusto.

<sup>130</sup> Pero may kung anong Bagay nga sa kanya, yaong siya ring Bagay na nagkaloob ng siya ring pangitain na nakita ni Job, ang siya ring pangitain na nakita ng iba pa sa kanila. Anuman ang isip-isipin ng iba pa sa mundo, anuman ang gawin nila, wala 'yung kinalaman kay Joseph; wala 'yung kinalaman kay Abraham, kay Isaac, kay Jacob, sa lahat ng sinuman sa kanila. May kung anong bagay na nagtutumulín patungo sa lupang pangako. Mistula ngang pagkapanatiko, pero 'yun ang inasam nila dahil may kung anong Bagay na nasa kanila. “Kalaliman na tumatawag sa Kalaliman.”

<sup>131</sup> Ganyan nga ito ngayon sa bawat mananampalataya. May kung anong Bagay sa kanila, na nagtutumulín patungo Rito. Kahit na ano pang, sige subukan mo *ito*, *iyon*, o *iba pa*, haya't may kung anong Bagay na nagtutumulín. Alam n'yo, nang wala kahit anino man ng pagdududa, na may Bayan na ang Nagtayo at ang Gumawa ay ang Diyos. Alam n'yo na may kung anong Bagay na naroon, kaya kayo nagtutumulín patungo Rito.

<sup>132</sup> Ngayon, sa araw na 'yun na inilibing na nila siya, hayun nga ang mga buto na 'yun dun, daan-daang taon ang lumipas.

<sup>133</sup> At sumapit na, isang araw, “Sa atin ay isang Anak na lalaki ang ipinanganak, sa atin ay isang Bata ang ibinigay. At ang Pangalan Niya ay tatawaging Kamangha-mangha, Tagapayo, Ang makapangyarihang Diyos, Ang Pangulo ng Kapayapaan,

Ang walang hanggang Ama.” At dumating Siya sa lupa, at dumating Siya sa pamamagitan ng sabsaban, maralita’t di kaaya-aya ang kalagayan.

<sup>134</sup> Pero may kung anong Bagay sa Kanya, ang nakatatlastas! Tumayo Siya roon minsan na taglay ang isang propesiyang ito sa Biblia. Sabi Niya, “Sirain man ninyo ang katawan na ito, at sa loob ng tatlong araw ay ibabangon Ko uli ito.”

<sup>135</sup> Siya lang ang tanging Tao na makapagsasabi nun, ang isa na makapagbibitiw ng pahayag na 'yun, o kailanman ay siyang makapagsasabi lamang nun. “May kapangyarihan Ako na ang katawan Ko’y ihimlay; may kapangyarihan Ako na ibangon uli ito.” Siyanga, si Emmanuel, Siya Mismo!

<sup>136</sup> At pagkatapos nung Siya’y mamatay, at, sa araw mismo ng Kanyang pagkamatay. Ibinaba na nila Siya sa krus, at inilagak na nila Siya sa libingan. At nahimlay Siya roon mula Biyernes ng hapon hanggang Linggo ng umaga, na sa kahanga-hangang umagang 'yun ng Pasko ng Pagkabuhay nung Siya’y bumangon uli. At ang kaluluwa Niya ay kinalagan mula sa mga kulungan ng impyerno sa dakong ibayo sa ibaba, kung saan nagtungo Siya roon bilang isang makasalanan para sa inyo at ako, dala-dala roon palayo ang ating mga pagkakasala, para bigyan tayo ng ganap na kasiguraduhan. Wala nang rason para magduda, ano’t anumang; nabigyan na ng ganap na kasiguraduhan. Ang sabi Niya, “Aking . . .”

<sup>137</sup> Dahil ginawa Niya 'yun, ang kaluluwa Niya ay inihantong sa impyerno, dahil Siya yaong inihantong sa ilang. Siya yaong “kambing na hinantungan ng sisi” doon sa Lumang Tipan, na, inilalagay nila sa kambing na ito ang mga kasalanan ng tao at pakakawalan ang kambing na ito sa ilang para mamatay. Si Jesus ang kambing na 'yun na hinantungan ng sisi na dinala ang mga kasalanan ng mga tao sa Kanyang Sarili, at inihiwalay at nagpunta sa impyerno, para batain ang mga paghihirap. Ang katawan Niya ay nahimlay roon sa libingan, para bayaran ang halaga ng ating pagkabuhay na mag-uli. Oh, grabe!

<sup>138</sup> Pagkatapos, nung umagang 'yun ng Pagkabuhay, nung Siya ay manumbalik na mula dun sa libingan, kung saan ang mga pasakit ng kamatayan at impyerno ay di na Siya kayang pigilin pa. At nung magbangon Siyang muli nung umagang 'yun ng Pagkabuhay, hindi lamang Siya ang nagbangon, kundi maging sina Job, Jacob, Abraham, Isaac. Lahat sila dun ay pumasok sa pagkabuhay na mag-uli, sa Mateo 27, “At nagpakita sa madla, at sa palibot sa mga lansangan.” Na pinaka tatak ng kanilang patotoo, dahil may bagay roon sa kaibuturan nila, na ang sabi, “Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay.” At sa bawat isa . . . Ngayon, talastas nga nila!

<sup>139</sup> Alam ng Diyos, na sa mga araw na darating, mahahawakan ng mga teologo ang Bibliang ito. Alam nila na mapapasakamay

ng mga matatalinong tao Ito, na kanilang ilalagay ang sarili nilang interpretasyon Dito, na sasabihin pa nga nila, “Oh, di *ganito* ang ibig sabihin Nito. Di *ganoon* ang ibig sabihin Nito.”

<sup>140</sup> Kaya, para matiyak, na ang Kanyang dakilang mga plano sa mga kapanahunan na parating ay matutupad. . . Pakinggan n’yo pong maigi ito ngayon habang magtatapos na tayo rito sa gawain. Hayan nga na sa mga kapanahunan na darating, nang sa gayon ang plano Niya ay matupad, ang Diyos ay nagbigay ng tiyak na saksi rito.

<sup>141</sup> Magagawa nga nating basahin Ito at sabihin, “Naniniwala ako Rito.” Sa pangkaisipan lamang po ’yan. Intelektuwal na pananampalataya ’yan. Pangkaisipang teolohiya lamang ’yan. Pero may kung anong Bagay nga na lampas diyen. Tama.

<sup>142</sup> Hindi lang Siya bumangon mula sa libingan, haya’t Siya’y umakyat mismo sa Kaitaasan at ipinadala ang Espiritu Santo. “Siya’y pumaroon sa Kaitaasan, at nagkaloob ng mga kaloob sa mga tao; pinangunahan ang mga bihag na bihag, at nagkaloob ng mga kaloob sa tao.”

<sup>143</sup> At, ngayon, matapos na pakialaman ng mga teologo ang Biblia, matapos na magtatag ng mga iglesyang organisasyon, at sabihin nila, “Buweno, *ganito* mismo ang kailangan natin. Ang nailibing na ilang tao sa ilalim ng simbahan natin, ilan sa mga santo na ito; huhukayin natin ang mga buto nila’t dadalhin natin sila rito.” Sasabihin pa nga ng iba, “Magtatayo tayo ng simbahan sa ibabaw ng libingan kung saan Siya—kung saan Siya naipako, o kung saan Siya inilibing. Magtatayo tayo ng simbahan dun.” Ang mga taong ito, na nakabatay sa materyal, na ang sinisikap gawin ay mga materyal na bagay lamang, pero wala nga itong kabuluhan. Wala nga ’yung maibubunsod. Wala ngang kabuluhan ’yun, at wala ’yung maibubunsod.

<sup>144</sup> Pero ang tunay na pagkabuhay na mag-uli ay sila na mga namatay kasama Siya, na ipinanganak nang muli, na taglay na ang “talastas ko” na pananampalataya. “Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay.” At ang Diyos ay kumikilos sa mga taong ito, “kalakip ang mga tanda’t kababalaghan,” at ang dakilang atas dito, na ipinapakita na Siya ay nagbangon mula sa patay, at ipinapakita ang kitang-kitang mga tanda na ito at mga kababalaghan.

<sup>145</sup> Pagpalain kayo ng Diyos. Sinasampalatayanan n’yo ba ito? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sumasampalataya ba kayo rito nang buong puso n’yo?

<sup>146</sup> Tayo nga’y uuwi na ngayon. Kumain kayo ng almusal n’yo at bumalik dito ng alas nuwebe. At papupuwestuhin na namin ’yung mga kalalakihan, para mamigay ng mga prayer card, ng alas nuwebe.

<sup>147</sup> At sa aking. . . masasabi ko, sa umagang ito, at ang huling mga salita na iiwan ko rito, hanggang sa makabalik ako. Ang

mismong Panginoong Jesus na nagbangon mula sa patay ay buhay ngayon, at may kakayahan na gawin ang siya ring mga bagay na Kanyang ipinangako. “Ang mga tanda na ito ay lalaking sa kanila na sumasampalataya, hanggang sa Aking pagbabalik.” Gayong kayo man ay itakwil, gayong kayo man ay tawag-tawaging “panatiko,” hayan nga’t Siya’y naritong taglay ang lahat-lahat Niyang Kapangyarihan. Pagpalain kayo ng Diyos. Idinadalangin ko na pagkakalooban kayo ng Diyos ng katangitanging Pasko ng Pagkabuhay, ngayon, na hinding-hindi n’yo malilimutan hanggang sa nabubuhay kayo.

148 Ngayon, sasabihin n’yo, “Ikaw ba’y di sang-ayon sa kanila, na mga taong nagsisipunta sa mga simbahan, at naglalakihan na mga krus, at kung anu-ano pa?” Hindi, po, kapatid ko. Ang mga bagay na ’yan ay mainam naman kung papaanong mainam nga sila, para nga itong. . . .Heto nga ang iniisip ko tungkol sa mga naglalakihang mga simbhang ito.

149 Sasabihin n’yo, “Oh, tunay, kung pagkakalooban kami ng Panginoon ng malaki’t maluwang na dako, malulugod nga ako roon.”

150 Pero heto nga ang analohiya ko rian. Isipin n’yo nga ’yung magpupunta kayo rito sa mga latero’t mga pagawaan, at may ginagawa sila dun na malaki’t, mahabang pampasaherong tren, na malambot ang maupuan, at ’yung mga upuan ay sadyang nagagandahan, at napakakinis, at may malaking busina dun sa itaas, at naroon ang mga magmamaneho sa loob, at tapos wala namang init para paandar n’yo? Kita n’yo? Sadya ngang inyong. . . .Wala nga ’yung mabuting maidudulot. Mas pipiliin ko pa ’yung mano-manong trambiya sa kung saan, na may init na nakalaking dun, kaysa sa lahat ng ito, (hindi ba’t kayo rin?), dahil nilalayon n’yo nga na makapunta sa isang dako. Totoo ’yun. Kaya naman pagkatandaan n’yo ’yang maigi, ’yang tunay na pagkabuhay na mag-uli, ang tunay na bagay na ’yan.

151 Sasabihin n’yo, “Ang bagay na ’yun ay may kakayahan namang tumakbo sa sarili niya, patungo sa ibayong dako na ’yun.” Papaano tatakbo? Sige’t patunayan n’yo nga sa akin.

152 At ’yan nga mismo ang ginagawa lang natin. Sinasapinan natin ng malalambot ang mga upuan. Pinakikintab natin ’yung busina. Pinaniningning natin ang mga iskolar, para mangaral ng kabilib-bilib na teolohiya, at gagamit ng malalaking mga salita na sadya ngang. . . .kabilib-bilib na mga bagay na pinag-aaralan nila sa diksyunaryo, buong gabi, para sa pangangaral, halos, para ’yun ang maihatid para sa kasunod na umaga, “mga pananalita ng kapalaluan.” Pero, kapatid, para sa akin, wala itong kabuluhan.

153 Ibigay n’yo sa akin si Cristo. Ibigay n’yo sa akin ang pagkabuhay na mag-uli. Ibigay n’yo sa akin ang pagpapatibay, sa aking puso, na si Cristo ay nagbangon mula sa patay.



[Kumakatok si Kapatid na Branham nang tatlong beses sa pulpito—Pat.] Sapat na 'yun, para sa akin. Amen.

<sup>154</sup> Bigyan n'yo ako ng isang bagay na masasabi ko, na gaya ni Pablo nung sinaunang panahon, sa kakila-kilabot, na madilim na paglalagakan na naroon sa harapan ko, sa pagiging mortal ko. At hindi na nga ako bumabata, na hetong alam ko na sa bawat pagpintig ng puso ko, papalapit ako nang papalapit sa kakila-kilabot, na madilim na paglalagakan na 'yun na tinawag na kamatayan. Oras bawat oras; at isang araw hahantong sa sandali na ipipintig na nito ang huli nitong pintig, at papasok na ako roon sa paglalagakan na 'yun ng kamatayan kasama ang bawat mortal.

<sup>155</sup> Pero gusto ko ngang sabihin ito, gaya ni Pablo na isang dakilang alagad, gaya nga ng sinabi niya. “Nais kong makilala Siya sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli,” na, kapag tumawag na Siya sa mga patay, ako nga'y babangon kasama Siya sa oras na 'yun. Yun ang nais ko, “ang makilala Siya,” sa umagang ito. Yan ang bagay, na pinasasalamatan ko sa Diyos. “Tunay na nakikilala ko Siya sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli.” Na, “Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay.”

<sup>156</sup> Itong mga binulag na mga matang ito, na dating bulag, ay iminulat na. Itong munting, matandang marupok na katawan, na nasa sangdaan at dalawampu't limang libra ang timbang, na nahihirapan nang lumakad dito, ay hayang . . . bumunsod na sa pagiging laman. Itong puso na ito na dati'y maitim dahil sa pagkakasala ay pinaging puti. Itong mga paghahangad na ito na dati-rati'y gustung-gusto ang mga bagay sa sanlibutan, ay namatay na, dalawampu't dalawang taon na ang nakararaan, at ito'y ibinangon nang muli ngayon.

<sup>157</sup> At itong mga mortal na mga matang ito na gamit ko para makakita, ako nga'y nabigyan ng pribilehiyo, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, na masaksihan ko ang mga pilay na hayang lumalakad na, ang mga bulag ay hayang nakakakita na, oh, ang dakilang mga tanda't kababalaghan, at mga kapangyarihan ng Diyos. Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay. Talastas ko ito, nang walang anino man ng pag-aalinlangan. Talastas ko. Talastas ko. Talastas ko. Ang aking Manunubos ay nabubuhay, amen, nang tuluy-tuloy, sa lahat ng oras. Gayong ubusin man ako ng mga renda na narito sa akin, dumikit man ang aking dila sa aking mga labi, kainin man ng mga uod ang katawan na ito, tirikan man ng lapida, ay heto nga, na talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay. Amen.

Sige't manalangin tayo!

<sup>158</sup> Makalangit na Ama, pinasasalamatan Ka namin, ngayong umaga, para sa pagkabuhay na mag-uling ito. Oh Diyos! Minsan, na isang makasalanang, nagagapos ng mga tanikalang

ito ng kasalanan; minsan na napabilanggo, sa mga kalagayan; nagigimbal, may pagkasindak, may pangamba sa kamatayan, may pangamba na makatagpo Ka, pero isang maluwalhating araw ay dumating ang pagkabuhay na mag-uli mula roon. Si Cristo'y sumibol sa aking puso, at ngayon ay taglay na namin itong dakilang katiyakan na ito. Ngayon Siya'y nabubuhay na nang buong sukdol na kadakilaan, at pinasasalamat namin Siya para sa Kanya.

<sup>159</sup> At dalangin namin, Ama, ngayon, na Iyong pagpalain ang munting grupo ng mga tagapakinig dito, na haya't nagkatipon dito. Nawa'y ang Iyong Espiritu Santo ay humimlay sa bawat isa rito. Ikaw nga'y sumama sa amin sa kasunod pang gawain, Panginoon. At nawa ang Espiritu Santo'y bumaba sa aming kalagitnaan ngayong umaga at pagalingin ang bawat isa na may karamdaman na narito sa gusali. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa sa paglisan ng mga tao rito, ay maalaala nila ang Pasko ng Pagkabuhay na ito nang magpakailanman. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. At nawa ang mga dakilang kapangyarihan, ang mga dakilang Anghel, na nagpagulong dun sa bato na 'yun nung umagang 'yun ng Pagkabuhay, sila nawa'y tumayong maparito, sa araw na ito, para pagulungin ang bawat bato ng pagdududa, bawat pangamba, bawat pag-aalinlangan. Iyo pong alisin 'yun mula sa mga puso ng mga tao. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, na ang Espiritu Santo ay bumaba sa dakilang kapangyarihan, at magkaroon ng daan para sa bawat isa. Iyo pong ipagkaloob ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, amin itong hinihiling. Amen.

<sup>160</sup> Tumayo po tayon.

The first one to die for this Holy Ghost plan,  
Was John the Baptist, but he died like a man;  
Then came the Lord Jesus, they crucified Him,  
He preached that the Spirit would save man  
from sin.

Keeps dripping with blood, yes, it's dripping  
with blood,  
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,  
The blood of disciples who died for the Truth,  
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

Oh, then they stoned Stephen, he preached  
against sin,  
It made them so angry, they dashed his head in;  
But he died in the Spirit, he gave up the ghost,  
And went to join the others, this life-giving  
host.

There's Peter and Paul, and John the divine,  
They gave up their lives so this Gospel could  
shine;

They mingled their blood, like the prophets of  
 old,  
 So the true Word of God could honest be told.  
 There's souls under the altar, crying, "How  
 long?"  
 For the Lord to punish those who've done  
 wrong;  
 But there's going to be more who will give their  
 life's blood  
 For this Holy Ghost Gospel and its crimson  
 flood.  
 Keeps dripping with blood,  
 This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,  
 The blood of disciples who died for the truth,  
 This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

<sup>161</sup> Hindi ba't ganoon na lamang ang pag-ibig n'yo sa Kanya? Inawit natin 'yang munting awiting 'yan dahil naniniwala tayo na ang Ebanghelyo ng Espiritu Santo ay nabububo sa Dugo. Isa Itong daan ng pag-uusig. Isa Itong daan na di maunawaan agad. Siyanga. Hindi Ito nalalaman ng sanlibutan. Hindi Ito kailanman nakilala ng sanlibutan. "Kamumuhian kayo ng sanlibutan. Pero mangagalak kayo, napagtagumpayan Ko na ang sanlibutan." Hindi nila Ito maunawaan. "Ang pangangaral ng krus ay kamangmangan sa kanila na nangapapahamak." Pero may kung anong Bagay sa puso ng mananampalataya, na ang sabi, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay. Talastas ko ito, nang walang bahid ng pag-aalinlangan."

<sup>162</sup> Ang lahat ba'y napakasarap ng pakiramdam? Sabihin n'yo, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon makipagkamay po kayo sa mga nariyan sa tabi n'yo, sabihin n'yo, "Purihin ang Panginoon." Purihin ang Panginoon. Purihin ang Panginoon. Purihin ang Panginoon. Mainam 'yan. Mainam 'yan.

<sup>163</sup> Pumuwesto na kayo sa dako n'yo, ngayong umaga, kay Cristo. Siya'y nagbangon mula sa patay. Tahakin n'yo ang landas na kasama ang ilang kinamuhian dahil sa Panginoon. Sige po.

Ngayon maaari na po ba nating iyuko ang ating mga ulo pansumandali.

<sup>164</sup> At ngayon huwag n'yong kalimutan 'yung mga gawain na idadaos sa loob na lamang ng ilang mga minuto. Magsisimula uli tayo, ngayon, ng—ng alas nuwebe; may mga ipamamahaging prayer card. Alas diyes, loobin ng Panginoon, sisimulan na ang pambungad na mga gawain. Ang gawain ng pangangaral ay magsisimula ng mga, mga—mga alas diyes, sa palagay ko. At agahan n'yo lang po, mga alas nuwebe, para makakuha kayo ng prayer card. At tatayo lamang dito ang mga kalalakihan para

mamigay ng mga prayer card ng alas nuwebe, ngayong umaga. Sige po.

<sup>165</sup> Ngayon bilisan n'yo lang ang pag-uwi. Kung kakain pa kayo, sige lang po. Kung hindi naman, bumalik po kayo kahit di nakakapag-agahan. Hayan nga, tutal malakas naman tayong kumain, kung minsan. Kaya bumalik lang po, nang di kumain, nang may kagalakan, na tuwid ang inyong puso.

<sup>166</sup> Basta't panatilihin n'yo lang sa isip n'yo, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay. Talastas kong Siya nga. Ang mga kampana ng kagalakan ay kumakalansing sa puso ko! Dahil Siya'y nagbangon, ako'y magbabangon din. Dahil, ako'y nahahanda na, sa kasalukuyan, nailagak na sa posisyon na naibangon na kasama Niya ngayon, nakaupo sa Makalangit na mga dako kay Cristo Jesus."

<sup>167</sup> Ngayon iyuko po natin ang ating mga ulo, bawat isa sa buong gusali. At hinihiling ko kay Kapatid na Beeler, na isa sa mga pastor natin dito . . .

<sup>168</sup> Si Kapatid na Tom Meredith, nakikita ko siya riyan sa may likod, din, tatawagin natin siya sa gawain maya-maya.

<sup>169</sup> At ngayon, Kapatid na Beeler, kung mamarapatin niya na pumunta rito sa harapan habang ang bawat isa ay nakayuko ang kanilang ulo sa pananalangin, hihilingin natin sa kanya na isara ang gawain sa pananalangin. Sige po, Kapatid na Beeler, kung mamarapatin mo.



*ANG AKING MANUNUBOS AY NABUBUHAY* TAG55-0410s  
(My Redeemer Liveth)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong umaga ng Linggo ng Pagkabuhay sa oras ng pagbubukang-liwayway, Abril 10, 1955 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)